

MGA RESPONSABILIDAD NG MGA PANGUNAHING EMPLEYADO SA MGA CARDROOM NG CALIFORNIA



CALIFORNIA GAMBLING CONTROL COMMISSION

Sa mga cardroom ng California, ang mga Pangunahing Empleyado (Key Employee) ay inilalagay sa mas mataas na pamantayan kaysa sa mga hindi pangunahing empleyado. Sa katunayan, ang mga pangunahing empleyado ay itinuturing na bahagi ng “bangka,” at napapailalim sa mga espesyal na kinakailangan sa pag-uulat. Ang mga Pangunahing Empleyado ay kinakailangang sumunod sa Batas sa Pagkontrol ng Pagsusugal (“Batas”), at mga regulasyon na inisyu ng California Gambling Control Commission (Komisyon) at ng Bureau of Gambling Control (Kawanihan). Ang buong kopya ng Batas at mga regulasyon ay makukuha [sa website ng Komisyon](#).

Pagbibigay Lisensya

Siguruhin na suot mo ang iyong badge ng Pangunahing Empleyado sa isang nakikita at kapuna-punang paraan habang nagtatrabaho.

Pansamantalang Lisensya ng Pangunahing Empleyado

- Ang mga may hawak na pahintulot sa pagtatrabaho (work permit) ay maaaring magimulang magtatrabaho bilang Pansamantalang Pangunahing Empleyado kung ang isang [aplikasyon ng Pangunahing Empleyado](#) ay isinumite sa loob ng 10 na araw ng pagtatrabaho, at ang isang [paunang aplikasyon ng Pangunahing Empleyado](#) sa loob ng 30 na araw.
- Ang isang Lisensya ng Pangunahing Empleyado ay maaaring ibigay o itanggi sa loob ng 15 na araw ng trabaho.
- Balido ng hanggang 2 na taon habang ang regular na aplikasyon ng Pangunahing Empleyado ay iniimbestigahan at sinusuri.
- Awtoridad: [4 CCR §12354](#)

Lisensya ng Pangunahing Empleyado

- Ang balidong Lisensya ng Pangunahing Empleyado ay kailangan bago gawin ang trabaho ng isang pangunahing empleyado, na may dalawang kataliwasan :
 1. Mga empleyado na may nakabinbing aplikasyon ng Pansamantalang Pangunahing Empleyado na nai-file sa loob ng 10 na araw ng pagsisimulang magtatrabaho at naghihintay ng desisyon;
 2. Ang mga empleyado na nagtatrabaho sa mga korporasyon ay maaaring magsimulang magtatrabaho bilang pangunahing empleyado kung nagsumite sila ng kanilang aplikasyon sa Kawanihan sa loob ng 30 na araw mula sa pagsisimula ng posisyon bilang pangunahing empleyado.
- Magdedesisyon ang Komisyon sa aplikasyon sa loob ng 120 na araw matapos maisumite ang ulat ng Kawanihan sa Komisyon. Ang panahon ng pagproseso ay maaaring palawigin sa ilalim ng mga tiyak na kalagayan.
- Awtoridad: [Business and Professions Code §§19883, 19855](#); [4 CCR §12350](#)

Pagpapabago sa Lisensya ng Empleyado

- Ang mga lisensya ay kailangang panibaguhin bawat 2 na taon.
- Mag-file ng [aplikasyon ng pagpapanibago](#) sa Kawanihan sa loob ng 120 na araw mula sa petsa ng pagkapaso ng kasalukuyang lisensya.
- Responsibilidad MO na siguruhin na ang iyong papeles sa pagpapanibago ay mai-file sa Kawanihan nang napapanahon! Huwag umasa sa itinalagang ahente o ikatlong Partido para sa kawastuhan, Do not rely on a designated agent or third party for the accuracy, pagkakumpleto, o pagiging napapanahon ng iyong aplikasyon sa pagpapanibago.
- Awtoridad: [4 CCR §§12350\(b\)](#) at [12351](#)

MGA RESPONSABILIDAD NG MGA PANGUNAHING EMPLEYADO SA MGA CARDROOM

Pag-uulat

Kailangang ipaalam ng Pangunahing Empleyado sa Kawanihan ang mga sumusunod sa loob ng 5 na araw:

- Alam na mga posibleng paglabag sa Batas o mga regulasyon ng Komisyon;
- Matapos makakuha ng kaalaman, abiso, o pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas tungkol sa pinaghihinalaang paglabag sa Batas at/o mga regulasyon at mga tiyak na paglabag sa batas. Tingnan ang [4 CCR §12395\(a\)\(3\)\(A\)](#) para sa listahan ng mga tukoy na paglabag na kailangang i-ulat;
- Anumang pandaraya na inulat ng nagparehistro o may lisensya.
- Awtoridad: [11 CCR §2052\(c\)](#); [4 CCR §§12395\(a\)\(3\)\(A\)](#), [12200.7\(17\)](#)

Kailangang i-ulat ng Pangunahing Empleyado sa Kawanihan nang pasulat ang mga sumusunod sa loob ng 10 na araw:

- Anumang ligal na pagtatalo sa pagitan ng pangunahing may-ari ng isang kumpanyang TPPPS at ng bangka o Pangunahing Empleyado;
- Pag-aresto sa nakarehistrong TPPPS sa pasugalan;
- Pagpapaalis sa lugar ng nakarehistrong TPPPS ng isang opisyal ng kapayapaan o ng bangka;
- Isang pagtatalo sa pagitan ng nakarehistrong TPPPS at patron na nagresulta sa ulat ng opisyal ng kapayapaan at pagpapaalis sa lugar.
- Awtoridad: [4 CCR §12200.7\(16\)](#); [Business and Professions Code §19805\(t\)](#)

Pagbabago sa Trabaho

- Ipaalam sa Kawanihan sa loob ng 10 na araw ng pagtanggap o pagkakatanggal sa trabaho sa cardroom.
- Tandaan na ang iyong Lisensya ng Pangunahing Empleyado ay nadadala; ang iyong lisensya ay nakatali sa iyo, hindi sa cardroom. Panatiliing naka-update ang Kawanihan sa iyong (mga) lugar ng trabaho.
- Awtoridad: [4 CCR §12352\(a\)](#); [Business and Professions Code §19854\(c\)\(2\)](#)

Pangunahing Empleyado na Nasa Tungkulin

- Hindi bababa sa isang lisensyadong Pangunahing Empleyado ang kailangang nasa lugar sa mga oras ng operasyong ng pasugalan upang pamahalaan at siguruhin ang pagsunod sa Batas ng Pagkontrol sa Pagsusugal at sa mga regulasyon ng Kawanihan at Komisyon.
- Awtoridad: [11 CCR §2050](#) at [4 CCR §12391\(b\)](#)

Pagsasanay sa Problema ng Pagsusugal

- Ang mga Pangunahing Empleyado ay kailangang kumumpleto sa taunang pagsasanay sa Problema ng pagsusugal.
- Ang mga bagong empleyado ay kailangang makatanggap ng pagsasanay sa problema ng pagsusugal sa loob ng 60 na araw mula sa pagtanggap ng kanilang lisensya, o mula sa petsa ng pagsisimula ng empleyado, alinman ang mas kinamamayaan.
- Awtoridad: [4 CCR §12462 \(b\)\(1\) & \(c\)\(3\)](#)

MGA RESPONSABILIDAD NG MGA PANGUNAHING EMPLEYADO SA MGA CARDROOM

Mga Ibinukod/Limitado na Mga Patron

- Gumawa ng agarang aksyon na paalisin ang mga taong nasa hindi kusang listahan ng mga ibinukod ng estado at mga patron na sumusubok na pumasok matapos hilingin na malimitahan o maibukod.
- Ipaalam sa Kawanihan ang anmang pagpasok o pagsubok na pumasok ng mga patron na nasa hindi kusang pagbubukod, sariling paglilimita, at/o mga listahan ng sariling paglilimita.
- Awtoridad: [4 CCR §§12362\(q\), 12463, 12464](#)

Mga Pagbabawal

Ang mga Pangunahing Empleyado ai pinagbabawalang:

- Hawakan ang posisyong “player-dealer” sa pasugalan na pinagtatrabahuhan nila;
- Pagkakaroon ng interes sa mga punding nakataya, natalo, o napanalunan sa pasugalan na pinagtatrabahuhan nila;
- Pagganti sa iba dahil sa pakikipag-ugnayan sa Komisyon, Kawanihan, o iba pang mga ahensya;
- Pagbibigay ng serbisyong proposisyon sa manlalaro at pagtatrabaho bilang pangunahing empleyado sa parehong pasugalan.
- Awtoridad: [Business and Professions Code §§19805\(c\), 19805\(t\), 19984\(a\); Penal Code 330.11; 4 CCR §12200.7\(b\)\(11\), \(d\) & \(e\)](#)